

ANO ANG NAGBAGO SA PUBLIC CHARGE?

Hulyo 2026

Tinapos na ng Administrasyong Trump ang mga proteksyon laban sa bias at diskriminasyon sa mga aplikasyon para sa green card, simula Setyembre 18, 2026. Alamin kung paano nagbabago ang public charge.

	Tuntunin sa 2022	Patakaran Simula Setyembre 18, 2026
Kanino sa U.S. nalalapat ang public charge?	Mga taong nag-a-apply para sa mga green card na nakabatay sa pamilya, o mga taong may mga green card na umalis ng bansa nang higit sa 6 na buwan.	<u>Walang pagbabago.</u> Mga taong nag-a-apply para sa mga green card na nakabatay sa pamilya, o mga taong may mga green card na umalis ng bansa nang higit sa 6 na buwan.
Anong mga programa ang isinasaalang-alang?	<u>Tulong</u> pinansyal mula sa Pederal o Estado para sa pagpapanatili ng kita at <u>pangmatagalang institusyonalisasyon</u> na sagot ng gobyerno	Sa o pagkatapos ng Setyembre 18, 2026, ang mga opisyal ng imigrasyon ay hindi na paghihigpitan at maaaring isaalang-alang ang <u>maraming uri ng mga benepisyo</u>
Isinasaalang-alang ba ang mga nakaraang paggamit ng mga programang pangtulong?	Oo. Tanging ang dalawang benepisyong nakalista sa itaas	<u>Oo.</u> Nagpapahintulot sa DHS ang bagong patakaran na isaalang-alang ang dalawang uri ng benepisyong gagamitin bago ang Setyembre 18, 2026, at ang paggamit ng iba pang programa pangtulong pagkatapos ng petsang iyon.
Isinasaalang-alang ba ang paggamit ng mga programa ng miyembro ng pamilya?	Hindi.	<u>Oo.</u> Nagpapahintulot ang bagong patakaran sa mga opisyal na isaalang-alang ang paggamit ng mga benepisyo ng isang dependent bilang ebidensya ng kita at katayuan sa pananalapi ng aplikante.
Isinasaalang-alang ba ang isang sinumpaang salaysay ng suporta?	Oo. Kinakailangan ito para sa mga immigranteng may sponsor. Mas malamang na "makapasa" sa public charge test ang mga aplikante na may sponsor.	<u>Oo.</u> Kinakailangan ito para sa mga imigranteng may sponsor, ngunit hindi kinakailangan na ituring ito ng mga opisyal ng imigrasyon bilang isang positibong kadahilanan.
Ano ang iba pang salik na isinasaalang-alang?	Edad, Kita, Edukasyon, Mga Kasanayan, Trabaho, Kalusugan, Sinumpaang Salaysay ng Suporta, at Ilang Programa ng Mga Benepisyo	<u>Anumang</u> - Edad, Kita, Edukasyon, Mga Kasanayan, Trabaho, Kalusugan, Sinumpaang Salaysay ng Suporta, at Mga Programa ng Mga Benepisyo, at maaaring gamitin ng mga opisyal ng imigrasyon ang kanilang sariling pagpapasya para isaalang-alang ang iba pang salik.